# 1

Cyberspace. Isang mundo kung saan iba't ibang uri ng tao ang makakasalamuha. Sa mga taong matitiyaga at mahilig magsaliksik tungkol sa kung anu-anong mga bagay, ito ay maituturing na isang paraiso dahil milyong impormasyon ang makukuha rito. Samu't saring lahi ang palaging online at maaaring itago ng isang tao ang kanyang katauhan at gamitin lamang ang mga pangalan na kagaya ng *sexynacutepa*, *cyclone16*, *guwapoko*, *scrabbleaddict*, *mogulcorner* at *kikay*, subalit kung matapang-tapang ka ay gagamitin mo ang iyong tunay na pangalan bilang username.

Milyong tao na ang naimpluwensyahan ng Internet at mananatili pa itong bahagi ng buhay ng mga susunod na henerasyon. Sa malawak na sakop nito ay may isang uring gamit ito na unti-unti nang nakikilala—ang blogging o ang pagsusulat ng isang user ng kanyang mga opinyon o karanasan tungkol sa mga bagay na kinaiinteresan niya. Para itong isang diary subalit high-tech dahil inilalagay ito sa Internet at maaaring magsaad ng komento ang mga taong nakababasa nito.

Sa dinami-rami ng mga blogsites na nasa cyberspace ay may isa na hindi man kakaiba ay marami namang readers, ang *usapangbola.blog* kung saan ang paksa ng blogs at forums ay ukol sa teams ng isang sikat na professional basketball tournament sa Pilipinas. Dalawang team ang itinuturing na pinakasikat at pinakamahigpit na magkalaban sa torneong iyon. Gaano kahigpit ang kanilang rivalry? Sa huling apat na taon ay salitan lang ang pag-grandslam nila.

Ang *Fierce Warriors* ay ang prangkisa ng isang inuming alak at ang *Invincible Conquerors* na prangkisa naman ng isang softdrink company—ang dalawang ito ang pinakasikat sa larangan ng basketball at natural lamang na magkaroon sila ng mga tagahanga na handa silang ipaglaban. Dalawa sa mga diehard fans na ito ang kasalukuyang nagtatalo sa mga komentong ipino-post nila.

**Divaliciosa said… 1:32 pm**

*Congrats sa Fierce Warriors 4 making it into the finals! You really deserve our support.*

**Greenmonster said… 1:40 pm**

*Tsamba lng ang panalo kagabi ng Warriors!*

*Sinuwerte lang sa 3-pt shot ni Dominguez.*

**Divaliciosa said… 1:45 pm**

*Hoy! Anong tsamba lang ang pinagsasabi mo jan? Ganda nga ng game plan nila.*

**Greenmonster said… 1:50 pm**

*Eh, bat 1 pt. lang ang lamang nila n'ong manalo? Kung maganda game plan, dapat tinambakan ang Conquerors."*

**Divaliciosa said… 1:56 pm**

*Kaya di makatambak kc na-injure ang star players namin at d start of the game. Pero kahit gani2 ang nangyari, nanalo p rin kmi. It just shows how tough the team is. Bitter ka kc nakuha namin ang top player ng Conquerors na si San Jose.*

**Greenmonster said… 2:03 pm**

*Ako? Bitter? Sino ba ang waiting sa finals?*

*Di ba kami? Paano ako magiging bitter? At tungkol kay San Jose, buti nga't lumipat siya dahil may attitude problem naman yon.*

**Divaliciosa said… 2:10 pm**

*Pero aminin mo n kwlan pa rin sa inyo c SJ.*

**Greenmonster said… 2:13 pm**

*D cya kawalan, cno ba ang waiting sa finals? Hehehe!*

Natagalan ang pagsagot ng kadebatehan ni '*Greenmonster*' kung kaya…

**Greenmonster said… 02:25 pm**

*Uy, natahimik cya. Nag-iisip ka ng rebuttal ano?*

**Divaliciosa said… 2: 35 pm**

*Excuse me! May nagtext s kin ky cnagot ko.*

**Greenmonster said… 02:40 pm**

*Hehehe! Yeah right!*

Galit na nag-offline si Mikaela Lireo a.k.a *Divaliciosa*, isang nickname na naisip niya bilang parangal sa isa sa mga paborito nilang gawain ng kanyang best friend—ang mag-videoke sa mall.

Asar siya sa sarili dahil totoo ang sinabi ng kanyang mortal na kaaway sa blog na iyon, hindi nga siya makaisip ng rebuttal kaya siya nagtagal sa pagsagot.

*Naisahan ako ng unggoy na 'yon ah*, sabi niya sa sarili. *Lagot siya sa akin pag inilampaso namin sila sa Game One, kami yata ang defending champions.*

Pinatay niya ang kanyang computer at nahiga sa kama. Inis na inis siya habang binabalikan ang naging balitaktakan nila ng kaaway.

*Greenmonster. Siguro nga ay mukhang monster siya.* Bagay na bagay kung gayon ang pangalan nito.

May isang taon na niyang nakakasagutan ang 'halimaw' sa mga posts at kahit asar siya rito ay may respeto siya sa kung sinumang may-ari ng username dahil halatang matalino itong tao. Kapag ina-analyze

nito ang laro ng paborito nitong koponan ay maayos at malinaw nitong nagagawa iyon. Maalam ito sa basketball at hindi nagdudunung-dunungan lang.

*Baka buong buhay niya puro basketball lang ang inatupag*, may panunuyang naisip ni Mikaela. *Hmph! Yabang talaga.*

Upang maalis ang kanyang isipan sa kanyang virtual mortal enemy ay bumangon siya at sumilip sa bintana. Na-disappoint siya nang hindi makita ang inaabangang si Vince Talavera, ang bago niyang kapitbahay: Hunk. Yummy. Delicious.

Super kilig si Mikaela noong una niyang makita ito dahil na-attract kaagad siya sa malapad nitong mga balikat at sa height nitong sa tantya niya ay aabot ng 6’2”. Hindi ito maituturing na guwapo in the classical sense of the word ngunit may karakter ang mukha nito. May pang-akit o ‘X factor’ ito dahil mayroon itong strong jaw and brooding eyes na nakatutunaw tumingin. Malas nga lang dahil may pagkasuplado ito at tahimik kaya misteryoso ang dating.

Tumunog ang cellphone ni Mikaela at napakagat-labi siya nang makita kung kanino galing ang message—kay Carlo, ang boyfriend niya.

*Luv, cancel ko muna d8 ntin kc my tinatapos akong trabaho. I'll c u tom. evening @ dinner, same time, same place. Mwah!*

Imbis na mainis sa pagkakakansela ng date nila, natuwa pa ang dalaga. Paano, nalimutan niya ang date nila ng nobyo at nakipag-arrange siya na makipagkita sa best friend niyang si Dominique—o Dominador Alvarado. Kung anong astig ng tunay na pangalan ay siya namang project ng paglalakad na animo rumarampa sa entablado. Patunay sa ma-emote na paglakad at pagkilos nito ay ang mga titulong napanalunan nito sa mga gay beauty pageants: *Mutya ng Gabi 2006, Miss Ganda Dalaga 2007, Face of the Universe 2008* at M*iss Gay Galaxy 2008*. Si Dominique in short ay isang napakagandang bading.

Excited na nagbihis si Mikaela, bonding time nila ng kanyang BFF (best friend forever) at kailangang magkita sila sa mall nang alas cuatro ng hapon.

BEINTE MINUTOS pa ang ipinaghintay ni Vince Talavera—na siya ring si *Greenmonster*—sa ipo-post ni *Divaliciosa* bago niya napagtanto na hindi na ito sasagot. Ang username niya ay galing sa paborito niyang character sa *Sesame Street* na si *Cookie*

*Monster* at sa paborito niyang kulay.

Kahit nainip ay napangiti siya dahil naisahan niya ang kanyang paboritong kaasaran sa blog. Sa totoo lang, salitan lang sila ng panalo sa kanilang cyberwar at sa pagkakataong iyon ay siya ang nagwagi. Nagdesisyon siya na mag-offline. Mamaya ay babalikan niya ang site para malaman kung bumalik na si *Divaliciosa* o hindi.

In the meantime ay maliligo muna siya para sa date nila ng kanyang girlfriend na si Tessa, isang lawyer na katatapos lamang ipanalo ang huling kaso na hinawakan nito. Kaya naman, magse-celebrate sila at magdi-dinner sa labas. Bukod pa roon ay ang pagbibigay niya rito ng isang magandang sorpresa—magpo-propose na siya sa nobya.

Kinuha niya sa isang drawer ang diamond ring na balak niyang ibigay sa babae at tinitigan iyon. Sa wakas ay maikakasal na sila ni Tessa.

Inihanda niya ang mga damit at saka sinimulang maligo, pakanta-kanta pa siya habang nililinis ang sarili. Paglabas niya ng banyo ay bigla siyang may naalala. Dahan-dahan siyang pumuwesto sa gilid ng kanyang bintana at sumilip sa katapat na bahay. Nasiyahan siya sa nakita: si Mikaela, ang crush niyang kapitbahay. Palabas ito ng gate at nakabihis ng jeans

at shirt. Binuksan nito ang gate para mailabas ang kotse.

*May date siguro*, isip niya at hindi niya alam kung bakit, subalit may inis siyang naramdaman sa posibilidad na totoo ang hula niyang iyon.

Bakit ba siya attracted kay Mikaela? Siguro ay dahil sa mga mata nito na sadyang mapupungay. Doe eyes. Sa unang tingin ay aakalain mong hindi ito kagandahan ngunit kapag natitigan ito ay namumuo ang paghanga dahil sa gumaganda ito habang pinagmamasdan at dahil sa bubbly personality nito ay palagi itong nakangiti na mas lalong nakadagdag sa appeal nito. Bilugan ang katawan nito which meant that she had curves in all the right places; makinis ang balat, mahaba at makintab ang straight nitong buhok at may height na 5’5”. Not bad. Not bad at all.

Isang buwan na simula noong lumipat siya sa subdivision at naging kapitbahay ang dalagang ito subalit hindi pa sila pormal na nagkakakilala at kung hindi pa magkatapat ang mga bahay nila na kapwa bungalow ang style ay hindi nila mapapansin ang isa’t isa. Magkagayon man, tuwing nagkikita sila ay palagi nilang nginingitian ang isa’t isa, tanda ng pagkakakilala nila bilang magkapitbahay.

Ang pagkakaroon nila ng crush sa isa't isa ay isang dibersyon lamang at hindi sumagi sa isip nila na i-pursue ang paghangang iyon dahil kapwa sila may significant other.

Nakalayo na ang dalaga sakay ng kotse nito nang magbihis si Vince at magtungo sa sala upang buksan ang T.V. Isang talk show ang bumulaga sa kanya at ang topic ay tungkol sa pagtataksil.

*"Ano ang mga signs na napansin mo na may ginagawang kalokohan ang boyfriend mo?"* untag ng host ng palabas sa female guest nito.

*"Naniniwala ka ba sa intuition? Para kasing 'yon ang nangyari sa akin."*

*"May ganoon nga raw ang mga babae," sang-ayon ng host.*

*"Oo nga. Kasi ako, basta na lang nakaramdam that there was something going on. Lalo na noong magsimula siya sa pagtatago ng cellphone niya. Before, hindi siya gan'on."*

*"Paano mo nalaman na may iba siya?*

*"One time, nanonood kami ng sine. Nag-CR ang ex ko at habang wala siya, biglang may nag-text sa kanya. Pagbukas ko ng Inbox niya, nakita ko ang*

*name na 'Philip' as the sender, pero ang message: 'I enjoyed our date last night, I'm looking forward to Wednesday.' Naloka ako sa nabasa ko. Philip? May itinatago bang ibang katauhan ang bf ko?"*

*"Ano ang nangyari pagkatapos?"*

*"Siyempre may confrontation na afterwards. In the end, inamin naman niya na may third party. Officemate niya."*

*Mukhang nahintaktan ang host. "Pero 'Philip' ang pangalan?"*

*"Hindi."*

*"Eh, ano?"*

*"Philippa!"*

# 2

Aliw na aliw si Vince sa pinanonood. Hindi siya gaanong mahilig sa mga ganitong uri ng palabas ngunit naging interesante ang usapan kung kaya tinapos niya iyon at habang nanonood ay napaisip siya.

Intuition? May ganoon nga raw ang mga babae ngunit ang mga lalaki ay wala. Mas malakas naman daw ang logical thinking ng mga lalaki, kung saan hindi sila dumedepende sa emotions or feelings kundi sa facts. Kung walang proof ay hindi nila paniniwalaan ang isang bagay.

Nagbalik-tanaw ang binata at naalala niya ang fascination ng nobya sa speed dating noong nakaraang buwan. Sa mga kilos nito ay parang nais nitong masubukan ang ganoon.

*"Sa palagay mo, effective ang ganito?" tanong nito habang hawak ang isang magazine na may featured article tungkol sa speed dating. "Imagine in three minutes ay susubukan mong alamin kung compatible kayo ng kausap mo then, pagkatapos ng three minutes, iba na naman ang kaharap mo."*

*"Aba, malay ko. Hindi ko pa naman nasusubukan 'yan. Gusto mo i-try ko?" pilyong tanong ni Vince.*

*"Eh, kung sapukin kita?"*

*"Ito naman, biro lang. Pa-kiss nga."*

*"Diyan ka magaling," sagot ni Tessa ngunit inihanda ang mga labi para sa halik niya.*

Ang pagmumuni-muning iyon ni Vince ay natigil nang may matanggap siyang isang tawag. Mula iyon sa dalagang kanyang iniisip.

"Hello?" aniya pagkasagot sa cellphone.

"Vince, I have something to tell you," tugon nito na sinundan ng paghikbi.

Nag-alala ang binata. "Hey, what's wrong?"

Hindi niya inasahan ang isasagot nito. "I'm breaking up with you."

"HELLO, GIRL!" bati ni Mikaela kay Dominique habang nagbebeso-beso sila.

Mahaba ang buhok ng best friend niya at agaw-pansin talaga ang pagka-straight at shiny niyon. Naka-tank top ito at naka-jeans na hapit na hapit

sa katawan. Sa unang tingin ay hindi mapapansin na lalaki pala ito dahil sa mga damit na isinusuot. Pina-enhance pa naman nito ang dibdib at napaliit ang boses kung kaya carry nito ang pagiging isang girl. Kailangan mo pa talaga itong titigan nang ilang minuto para malaman ang tunay na kasarian nito.

"Kumusta ka na, Ganda?" Iyon ang tawag nito sa kanya.

"'Eto, na-miss ang bonding moments natin," nakangiting aniya. "Kumusta na ang jowa mo?"

"Ayun at kailangan na naman daw ng load at ubos na ang huling ipinadala ko," may paghihimutok na sagot ni Dominique.

"Aba at mukhang madalas na nauubos ang load niya, ha." Umabrisete si Mikaela sa kaibigan at naglakad sila patungo sa paborito nilang restaurant.

"Hay naku, Ganda, pakiramdam ko may girlalou ang papa ko," dagdag pa ni Dominique. "Nauulit na naman ang history."

"Ano'ng gagawin mo?"

"I'm thinking of dropping him na."

"Are you sure?" tanong ng dalaga dahil na-detect niya ang lungkot sa tinig ng kaibigan.

"Yes. Madalas na kasi ang pagpa-pasaload ko, eh," biro nito.

"Pag-isipan mong maigi, Dom. Baka umiyak ka uli."

Katahimikan.

Si Dominique naman ang nagtanong. "Eh, ikaw?"

"Anong ako?"

"Kumusta na kayo ni Carlo?"

"Ayos lang," kibit-balikat na ani Mikaela.

"Ayos lang? No talk of marriage yet?"

"Bata pa ako, 'no."

"Mikaela, paano ka naging bata, eh, twenty-eight ka na?"

"Sa puso't kaluluwa, twenty-three years old pa lang ako."

"Paano na ang pangungulit ng father mo?"

"Hay, dedma lang ako sa mga sermon ni Tatay, anyway nasa probinsya naman siya."

Sa pagkakataong ito ay narating na nila ang

paborito nilang restaurant at umorder ng kanilang mga pagkain: isang buong pizza, sisig at softdrinks na tamang-tama lamang sa kanilang kuwentuhan. Itinuloy ni Dominique ang interrogation.

“Mahal mo ba talaga si Carlo?” anito.

Hindi nakaimik si Mikaela and Dominique drew his own conclusion. “OMG! Ganda, ano ka ba! Papa material si Carlo ’tapos hindi mo pala feel.”

“Excuse me! Love ko ’yon, ’no!” protesta ni Mikaela, pero hindi convincing ang tono ng kanyang boses.

“Eh, ba’t ka natigilan? Parang hindi ka sigurado.”

“Sigurado ako,” diin ng dalaga pero labas sa ilong ang tinuran niyang ito.

“Ganda, hindi ako convinced. Ang daming nalolokang girls sa papa mo, pero ni minsan ay hindi kita nakitang nagselos. Either tiwalang-tiwala ka talaga sa boyfriend mo o wala kang paki. Tell me the truth.”

“Mahal ko si Carlo, pero siguro hindi lang talaga ako selosa.”

*Ows?* tudyo ng isip niya.

"Ay, bahala ka na nga!" pagsuko ni Dom. "Ganda, baka karmahin ka."

"Hindi naman siguro," turan ni Mikaela. Minabuti niyang ibahin na ang paksa ng usapan. "Teka, s'an ba galing ang usapang ito at mukhang senti ka 'ata, Dominador?" Iyon ang ginagamit niyang pangalan kapag gusto niyang asarin ang kaibigan.

Ngunit imbis na inis ang makita ay lungkot ang lumantad sa mga mata nito. Dahil best friend niya ito, nabasa kaagad niya ang ibig sabihin ng kalungkutang ito: nasasaktan ito sa gagawing pakikipag-break sa nobyo.

"Mahal mo talaga siya, ano?" she gently asked.

Umismid muna si Dominique bago sumagot. "Oo, pero alam kong walang patutunguhan. Bakit naman kasi, eh..."

Hindi na nito natapos ang ibig sabihin, gayunpaman, batid ni Mikaela ang nararamdaman ng kaibigan. Tanggap na nito ang pagiging bading ngunit hindi pa rin nito maamin ang posibilidad na tatanda itong mag-isa.

"Gan'on talaga, friend. Pero don't lose hope... 'andiyan pa naman ang mga girls," aniya.

"Seryoso ka ba? Inaasar mo ako." Umirap ito.

"Hindi naman. 'Eto naman, parang hindi kaibigan. Gusto lang kitang patawanin. Seriously, kung masakit sa iyo na hiwalayan siya, huwag mo munang gawin. Magtiis ka muna kung kaya mo."

"Hangga't maaga nga, gusto ko nang putulin para maka-recover kaagad ako."

"Basta mag-isip ka muna. It's going to be your mind against your heart. Mahirap ang gagawin mo kasi maraming tao ang hindi rational when they're emotional at madalas we base our decisions on our emotions. Ang delikado ay kapag mali ang nagawa nating desisyon sa panahon na tayo ay masyadong emosyonal."

Katahimikan.

"Ganda, tipsy ka ba? Parang iba ka 'ata," anang binabae, pagkatapos ay biglang kinuha ang baso ni Mikaela na may laman pang softdrinks at saka sinipat-sipat iyon na tila ba takang-taka. "Nakakalasing pala ang softdrinks."

"Loka! Binibigyan lang kita ng payo," tugon niya. "Minsan lang akong magseryoso, inookray mo pa ako," patuloy nito na inismiran pa ang kaibigan.

Malutong ang halakhak ni Dominique na naging dahilan para pagtinginan sila ng mga taong nakapaligid sa kanila.

"Shh! Ang ingay mo," saway niya rito matapos ngumiti nang may pagpapaumanhin sa mga taong sumimangot sa kanila.

"Chorva nila, 'no! Hayaan mo nga sila," walang-bahalang sagot ni Dominique. "Ganda, ang mabuti pa manood tayo mamaya ng sine, pero huwag dito. Doon tayo sa kabubukas lang na sinehan. Palagay ko, epekto lang ng pagod ang nangyayari sa 'yo. Kasi alam kong hindi talaga nakakalasing ang softdrinks. Marami ka na naman sigurong trabaho."

"Loka ka talaga, Dominador." Inismiran niya ito. "Sige na nga. Tutal, maganda naman daw sa sinehang iyon. Ano'ng panonoorin natin?"

Saglit na nag-isip ang gay beauty queen. "Alam ko na. 'Yung pelikulang tungkol sa mag-best friend na isang bakla at isang babae na nagka-in-love-an at nagkatuluyan."

Nagkatinginan ang dalawa. Matagal.

"D'on na lang tayo sa horror," biglang bawi ni Dominique. May himig ng pangamba ang boses nito. Hindi nakaligtas kay Mikaela ang tila pagtayo

ng mga balahibo ng kaibigan. Alam niya, dahil siya man ay may goosebumps din.

"Sige, doon na lang tayo."

MADILIM NA nang marating nila ang bagong bukas na sinehan at dahil nga bago, maraming tao ang sumubok na manood doon. Habang pumipila si Dominique sa bilihan ng tickets ay nagtungo naman si Mikaela sa bilihan ng mga pagkaing maaaring dalhin sa loob ng sinehan. Maraming uri ng snacks ang naka-display sa de-salaming cabinet kung kaya yumuko ang dalaga upang makapili nang husto. Sa pagkakataong iyon ay may kakaibang nangyari: tahimik na pumipili ang dalaga nang sa sulok ng kanyang mata ay may dumaang lalaki. Hindi na sana niya papansinin iyon ngunit may kung anong nagtulak sa kanya para lingunin iyon.

*Namamalik-mata ba ako o si Carlo talaga 'yon?*

Tinitigan niya. Nakilala niya ang lakad ng nobyo. Subalit hindi niya kilala ang sexy na babae na inaalalayan nito.

Hindi siya nag-atubiling sundan ang mga ito. Mabilis ang kanyang mga hakbang at ang atensyon ay nakapako sa dalawang tao na naglalakad palabas ng

sinehan at nahaharangan ng mga taong naglalakad kaya hindi niya masiguro kung talagang si Carlo ang sinusundan niya.

"Aray!" Napasigaw siya sa sakit. Malakas ang pagkakabangga sa kanya ng isang batang biglang humulagpos sa pagkakahawak ng kayang ina.

"Ay, Miss, pasensya na," paghingi ng paumanhin ng nanay nito habang pigil-pigil ang braso ng batang natakot sa nagawang kakulitan. "Sorry talaga."

Bagaman nasaktan ay nagpasensya na lamang si Mikaela at ipinagpatuloy ang paghabol sa lalaking kahawig ng kasintahan at sa babaeng kasama nito.

Malas. Wala na ang mga ito. Lumabas si Mikaela at luminga-linga sa paligid. Talagang wala na ang mga sinusundan niya.

Ilang sandali pa, nag-text na sa kanya ang best friend niya. Wala sa sariling bumalik siya sa ticket sales booth. Malalim ang kanyang iniisip at napansin kaagad iyon ni Dominique.

"O, sa'n ka ba nagpunta? Bakit wala pa tayong food?" untag nito.

"Ha?"

Tinitigan siyang maigi ng kaibigan. "Ganda, ba't

tulala ka 'ata? May problema ba?"

Saka lang natauhan si Mikaela. "Ha? Ah, eh... wala. May bigla lang akong naalala."

"Sigurado ka?"

"Oo, don't worry about it," paniniguro ng dalaga, sabay ngiti sa kanyang matalik na kaibigan. "Sandali lang at bibili ako ng pagkain natin. Wait ka lang."

Muli niyang tinungo ang bilihan ng snacks at bumili. Pagkatapos ay sumabay na siya kay Dominique papasok sa sinehan, ngunit hindi maalis sa isip niya ang lalaking kahawig ni Carlo at ang babaeng kasama nito.

PANAY ANG TILI ni Dominique habang titig na titig sa big screen. Kasalukuyang hinahabol ang bidang babae ng isang lalaking nagbabago ng anyo at nagiging isang halimaw. Nang maabutan nito ang babae ay hinablot ang buhok niyon sabay sakmal sa leeg. Tumalsik ang maraming dugo sa screen.

Muling sumigaw si Dominique na hindi na nakatiis at nagtakip na ng mukha, mayamaya ay iniiwas ang paningin sa screen, kumain ng popcorn

at sinabayan ng inom ng softdrink. Muli nitong itinuloy ang panonood, sa pagkakataong iyon ay mas naging kahindik-hindik ang anyo ng halimaw—pula ang kulay ng mga mata nito, may dalawang pangil na napakahahaba at umuusli sa kanyang bibig, ang balahibo nito ay itim na itim at ang buntot ay may malalaking tinik sa dulo. Kaya naman, hindi matigil ang paghiyaw ng kanyang katabi.

Ngunit sa kabila ng kaguluhang dulot ng halimaw at ni Dominique ay nanatiling tulala si Mikaela. Nakapako ang kanyang mga mata sa screen ngunit lumilipad ang isip niya.

Palaisipan pa rin sa kanya ang lalaking nakita at ang babaeng kasama nito. Iba ang kutob niya ngunit lumalaban ang kanyang isip at pilit na kinukumbinsi ang sarili na maaaring may pagkakatulad lamang ang lalaking nakita niya at si Carlo.

*Is it him or not?*

*Is he cheating on me? If yes, since when?*

*Is he in love with her or just looking for a fling?*

*Maganda ba siya? Malambing? Mas thoughtful? Mas matalino? Mas demonstrative sa feelings? Mas kalog? O baka naman mas seryoso sa buhay? Bakit, hindi ba ako gan'on kaseryoso?*

*May mang-iiwan na naman ba sa akin?*

*Am I exaggerating or is there really something going on?*

*Is it him or not?*

*Oh. My. Gosh.*

# 3

Vince was freaking mad. Kahit kailan ay hindi niya inisip na makikipag-break sa kanya ang nobya sa pamamagitan lamang ng isang phone call—and it only took around twenty-five seconds to do it. He could not and would not accept it.

Ganoon na lang ba iyon? Ang akala niya, si Tessa na ang babaeng para sa kanya: maganda, edukada at refined. Pino itong kumilos at may sense kung magsalita at sa katulad niyang nangangarap na balang-araw ay maging may-ari ng chain of restaurants, Tessa was the perfect choice for a wife.

Kung tutuusin, nakaplano na ang kinabukasan niya sa tulong ng perang naipon niya at perang ipinahiram sa kanya ng mga magulang na kapwa may malalawak na lupain at negosyo sa probinsya. Maaari na siyang makapagsimula ng sarili niyang negosyo. Mataas ang pride ni Vince kung kaya tinanggihan niya ang alok ng ama na bigyan na lamang siya ng pera pangkapital. Ipinilit niya na loan iyon na babayaran niya kapag naging maayos ang kanyang negosyo. Kasama sa plano niya ay ang pagkakaroon ng isang pamilya na magiging

inspirasyon niya. At thirty-three, Vince was ready to settle down.

At para sa binata, si Tessa ang best candidate for a wife dahil sa mga katangian nito.

He pursued her the way he pursued his dreams: relentlessly. They had the makings of a power couple—a young, talented and ambitious man and an equally talented and ambitious wife. Perfect. Perfect choice indeed.

Pero hindi perpekto ang lahat ng pagkakataon dahil may mumunti itong mga pangyayari na hindi palaging naaayon sa kagustuhan ng bawat isa. Napansin ng binata ang mga kaibahang iyon: nabawasan ang dating mga paglalambing ni Tessa sa kanya at tila mas naging abala ito sa trabaho. Kung dati-rati ay hindi nito nalilimutang tawagan o i-text siya para lang itanong kung nagtanghalian na ba siya o hindi pa. Noong mga nakaraang araw ay iba na ang ihip ng hangin dahil lumilipas ang maghapon na hindi ito nakikipag-communicate sa kanya.

She also seemed preoccupied with something else. Kapag dinadalaw niya ito ay napapansin niya na parang may iniisip ito na nakapagpapasaya rito. Her eyes would become dreamy and a hint of a

smile would escape from her lips at kapag tinatawag niya ang atensyon nito ay tila ba nagugulat ito at nababahala dahil naroon siya sa tabi nito. She also found excuses not to see him often, palagi nitong katwiran ang trabaho at ang bonding moments nito sa ina na kagagaling lamang sa bansa mula sa States. Tumabang na rin ang mga halik nito at tila ba napipilitan na lamang. It was as if she was going through the motions but the feeling was no longer there. No hint of love at all.

Vince did not feel any pain except righteous indignation. His vision of a perfect family just went down the drain. What the heck! Hindi siya papayag na basta iwan na lang lalo pa at hindi nagbigay ng kahit anong dahilan si Tessa para iwan siya. Tatlong taon ang itinagal ng relasyon nila at iiwan na lamang siya nito nang basta-basta? The fact that there were no explanations given at all affected his pride.

He needed answers. Fast. And he made a plan on how to get it.

*BAKIT HINDI na naman siya nag-text?*

Frustrated na si Mikaela dahil nakapitong text messages na siya in a matter of two hours,

pero wala pa ring sagot doon si Carlo. Sa tuwing tatawag naman siya ay palagi lang nagri-ring ang cellphone nito, pero hindi naman sinasagot. They were supposed to have dinner that night sa bahay niya ngunit wala pa rin ito at alas nueve na ng gabi.

*Dapat kanina pa siyang seven dumating…*

Pinaghandaan ng dalaga ang gabing iyon, umuwi siya nang maaga galing ng opisina at inihanda ang mga kakainin nila ng kanyang boyfriend. She had even bought a new dress at nagpaganda talaga siya. Ginawa niya iyon as an attempt to save their relationship. Yes, deep down inside she knew na may posibilidad na mag-split na sila ni Carlo. Obvious na may iba na ito, dahil may mga kaibigan na rin siyang nagsabi sa kanya na nakita nila ang kanyang nobyo sa ganitong lugar na may kasamang babae. At minsan habang nakasakay siya sa kotse nito ay may nakita siyang resibo na galing sa isang flower shop ngunit ni isang bulaklak ay hindi siya nakatanggap mula rito.

Hindi rin nito maitago ang tila panakaw nitong pagtingin sa cellphone na para bang may inaabangang message at ang paggawa nito ng dahilan para makalayo sa kanya at sagutin ang cellphone kung may text message o tawag.

Hindi nakaramdam ng selos si Mikaela, ngunit malaki ang panghihinayang niya dahil taon na rin ang binilang ng relasyon nila. Si Carlo na matagal ang ginugol na panahon sa panliligaw sa kanya at nagpakita ng pagmamahal ay unti-unti na ngayong lumalayo sa kanya.

At ayaw niyang isipin na may mang-iiwan na naman sa kanya. It was too painful to be left again.

Sariwa pa sa dalaga ang ginawang pag-iwan ng kanyang ina sa kanila ng ama noong twelve years old pa lamang siya. She thought they had a solid and happy family. Wala siyang kapatid, pero hindi niya iyon alintana dahil busog siya sa pagmamahal ng mga magulang, ngunit nag-iba ang mundo niya nang umalis ang nanay niya at sumama sa ibang lalaki. Her father was devastated and he never got over from the fact na mag-isa na lang siya nitong itataguyod. Iniuwi siya nito sa probinsya at doon siya pinapatuloy ng pag-aaral. Nang maka-graduate ay saka lamang siya pinayagan ng ama na bumalik sa Maynila upang makapagtrabaho. And Mikaela, although she may look like the happy-go-lucky type, was no idiot.

Efficient and skilled, madali siyang na-promote sa trabaho. But she always knew when to stop and

take a break.

Nanganganib ang relasyon niya kay Carlo at gusto niya iyong iligtas. Hindi na bago sa kanya ang makipag-split dahil bago pa niya nakilala ito ay naranasan na niyang makipagkalas sa dalawa niyang naunang nobyo matapos niyang madiskubre na may mga affairs ang mga ito on the side. Bago pa lumalim ang feelings niya sa mga ito ay nakipaghiwalay na siya.

At the back of her mind was the fear of being dismissed for another girl. She could not face another rejection and abandonment, the way her mother rejected and abandoned them, so she never gave her heart fully at hindi rin niya pinapili ang mga nauna niyang boyfriend between her and their other flings.

Carlo was supposed to be different, he showed her deep affection noong nililigawan pa lang siya nito. The long hours talking on the phone, the constant presence, the little gifts were all there. Sa mata ng mga taong nakapaligid sa dalaga, Carlo was responsible, charming and caring. So Mikaela, blinded by the impression that he was worth keeping, accepted him. Her mind was convinced that they were meant to be together, yet she kept her heart to

herself.

Alas onse na ng gabi nang makabuo siya ng desisyon, once and for all ay kailangang matuklasan niya kung totoo nga ang mga sabi-sabi. With her pride at stake, she would learn the truth and afterwards…

Bahala na si Batman.

# 4

Isang balita ang yumanig sa mundo ng basketball—ang bagong star player ng paboritong koponan ni Mikaela na si Enrique San Jose ay iniwan ang kanyang asawa para sa isang batang actress na napaka-sweet ng image at ginu-groom para maging isang magaling na dramatic actress.

Samu't saring opinyon ang laman ng iba't ibang blogs. May mga komentong nagpahayag ng pang-unawa sa illicit at scandalous love affair, ngunit mas nakararami ang nagpahayag ng disgusto.

**Tomadora said… 2:00 pm**

*Eh, kesa naman ma-trap si San Jose sa isang loveless marriage? Sundin niya na ang puso niya.*

**Twinklingstar said… 2:15 pm**

*That girl is a b#@!%! Alam na niyang may asawa, pinatulan pa rin niya."*

**Ann14 said… 2:30 pm**

*All is fair in luv and war. Saka wl naman tlgang luv sa kanila ng wyf niya. D b may chismak n shotgun wedding cla?"*

**Carusay said… 2:35 pm**

*Mabuti na rin cguro na iniwan ang wifey, mas grabe siguro kung openly ay niloloko nya ang asawa nya."*

**Ghost said… 2:47 pm**

*'Yang si San Jose at ang kabit niya kakarmahin pareho!*

Walang tigil ang mga komento ukol sa eskandalong iyon at natural na magsagutan sina *Greenmonster* at *Divaliciosa*.

**Divaliciosa said… 3:30 pm**

*I'm so asar w/ d guy. Turn off ako sa kanya. Ang galing pa naman sana nya.*

**Greenmonster said… 3:33 pm**

*R u saying this dhil talagang asar ka kay San Jose? N'ung bagong lipat sa inyo, all praises ka, ngayon asar na asar ka.*

**Divaliciosa said… 3:40 pm**

*Asar ako sa kanya dahil niloko niya ang asawa niya. Tama b n ipagpalit nya i2 sa ibang babae?*

**Greenmonster said… 3:45 pm**

*Un ba talaga ang issue mo o galit k dhil nagkalat siya noong championship game causing ur beloved team to lose?*

**Divaliciosa said… 3:55 pm**

*Hoy!!! Ndi ako ganoon kababaw. Accepted ko na natalo kami at ganoon talaga—may*

*nananalo at may natatalo. Baka pag kami ang nanalo next year matameme ka.”*

**Greenmonster said… 4:00 pm**

*Ha ha ha! You sound so bitter kasi. Akala ko bitter ka dahil tinambakan kayo ng 20 pts. sa Game 7.*

**Divaliciosa said… 4:10 pm**

*Stop gloating! I am over the loss, ok? It’s not the end of the world, ‘no!*

**Greenmonster said… 4:20 pm**

*I see. I think you’d better get used to losing dhil nxt year, amin uli ang korona. Bwahahaha!*

**Divaliciosa said… 4:25 pm**

*Bkit ba ang yabang mo? My reaction has nothing to do with the game. R u so insensitive n di mo nakuha ang issue? He cheated on his*

*wife! Cguro sanay kang gumawa ng infidelity kaya prang ok lang sayo ang ginawa ni San Jose ano?"*

**Greenmonster said… 4:30 pm**

*Of course I don't agree with it.*

**Divaliciosa said… 4:40 pm**

*Talaga lang ha. Ndi halata. I bet sanay ka talaga.*

**Greenmonster said… 4:45 pm**

*Teka, character assassination na yan ha!*

**Divaliciosa said… 4:56 pm**

*Bakit? Affected ka? Siguro, totoo.*

**Greenmonster said… 4:59 pm**

*Hindi ko papatulan ang comment mo.*

**Divaliciosa said…** **5:03 pm**

*Dahil totoo…*

**Greenmonster said…** **5:06 pm**

*My girlfriend just left me.*

*Oops!* Nai-post ni Vince ang sagot niya and he regretted it immediately. Baka sabihin ng kaasaran niya, naghahanap siya ng simpatya o kaya ay baka lalo siyang asarin. But he was in for a big surprise.

**Divaliciosa said…** **5:12 pm**

*I'm sorry about that.*

Napangiti ang binata. He really did not expect this.

**Greenmonster said…** **5:15 pm**

*Apology accepted.*

**Divaliciosa said… 5:25 pm**

*I know this is too personal but if it's any consolation, may prob din ako sa lovelyf. Mukhang may third party.*

**Greenmonster said… 5:30 pm**

*Kaninong side, yours or his?*

**Divaliciosa said… 5:40 pm**

*Syempre sa kanya!*

**Greenmonster said… 5:45 pm**

*R u sure? Baka suspicion lang, cguruhin mo muna.*

**Divaliciosa said… 5:56 pm**

*Ang dami nang witnesses eh. Consistent sila sa mga sinasabi sa akin.*

*Uh-oh*, naisip ni Vince.

*OMG! Totoo ba ito? I am telling my personal life sa halimaw na ito?* Hindi rin makapaniwala si Mikaela sa kanyang ginagawa. *Very well, heto na rin lang, lulubus-lubusin ko na. Tutal hindi naman kami magkakilala. Malay ba niya kung sino ako.*

**Greenmonster said… 6:20 pm**

*Yikes! So sorry to hear that.*

**Divaliciosa said… 6:25 pm**

*Yikes talaga. Nakakaloka d b?*

**Greenmonster said… 6:28 pm**

*Ano balak mo?*

**Divaliciosa said… 6:30 pm**

*Di ko p alam. Basta ang gusto ko ma-prove beyond reasonable doubt na niloloko niya*

*nga ako.*

**Greenmonster said… 6:40 pm**

*Pano mo mapo-prove?*

**Divaliciosa said… 6:43 pm**

*I have a plan, pero kelangan kong ayusin ang details kung paano ko gagawin. Basta! I will find out the truth.*

**Greenmnoster said… 6:47 pm**

*Hahaha! Gudluck then. Sana ma-prove mo.*

**Divaliciosa said… 6:50 pm**

*Thanks! E ikaw, pano na kau ng jowa mo?*

**Greenmonster said… 6:55 pm**

*Well, kagaya mo may plano din ako.*

**Divaliciosa said… 7:00 pm**

*I see. Sana maayos mo yan.*

**Greenmonster said… 7:07 pm**

*Thanks. So paano? Peace muna tau?*

**Divaliciosa said… 7:10 pm**

*I guess so.*

**Kurimo said… 7:14 pm**

*WTF?!? Bkit ang payapa ninyo ngayon Greenmonster at Divaliciosa? d b kayo mag-aaway uli? Walang thrill mga sagutan nyo. Mag-PM n lng kyo kung gani2 rin lang mga posts nyo. Daig n'yo pa nagcha-chat!*

Napangiti sina Vince at Mikaela nang mabasa ang huling post na iyon. Oo nga, kakaiba ang mga sagutan nila ngayon at kapwa nila hindi akalain na maaari pala silang mag-post nang hindi nag-aaway. Kung sa mga susunod na araw ay mag-iiba ang ihip

ng hangin, abangan na lang ang mga susunod na kabanata.

"ANO, DOMINIQUE, dumating na ba si Carlo?" tanong ni Mikaela habang nakakubli silang dalawa ng kaibigan sa isang hardin na malapit lamang sa lobby ng condo na tinutuluyan ng nobyo.

Ang BFF niya ang nagsilbing espiya niya kay Carlo at pinagamit niya ng largabista dahil nangangalay na siya sa kasisilip ngunit hindi naman niya makita ang nobyo. Kapwa sila nakaitim na damit upang hindi sila madaling makita ngunit mas kinarir ni Dominique ang role nila dahil gumamit pa ito ng bonnet para lamang itago ang mahaba nitong buhok.

Pabulong na sumagot ang kaibigan, "Wala pa. Hindi ko pa nakikita ang kotse ni Carlo."

Alas onse na noon ng gabi.

"Nag-enjoy talaga siguro sa date niya," may pait na nasabi ni Mikaela.

Ibinaba ng katabi ang largabista at bumaling sa kanya. "Hintayin mo munang makita ng mismong mga mata mo bago ka mag-conclude."

Somehow, Dominique understood the pain that she was feeling—pain that came not from a broken heart but from the betrayal and disappointment. His best friend was so sure then that she had found *Mr. Right*.

“Parang ayokong makita. Kasi kapag may iba nga siyang babae… parang ito na… hindi na tsismis lang, talagang may kapalit na ako.”

“Ganda, cool ka lang. Malay mo, baka hindi naman totoo ang mga balita.”

“Sana nga,” tanging naging sagot ng dalaga.

Subalit bigla siyang umalisto nang makita niya ang pulang kotse ni Carlo na paparating. Napansin ni Dominique ang reaksyon niya at lumingon ito sa direksyong tinitingnan ni Mikaela. Inabot nito ang largabista sa kanya.

Nanlaki ang mga mata ng babae sa nakita: bumaba ng sasakyan si Carlo at ipinagbukas ng pinto ang isang babae na napaka-sexy sa suot nitong pulang drop-waist mini-dress. Na-emphasize ng damit na iyon ang mahahaba, mapuputi at makikinis na legs ng date ng lalaki. Pagkababa nito sa kotse ay yumakap ito kay Carlo sabay halik sa mga labi nito.

Nabitiwan ni Mikaela ang largabista sabay

talikod.

"Bakit?" tanong ni Dominique. Ito naman ang sumilip sa telescope. "Sh*t! Ang ganda ng damit niya. Fabulous!"

Binatukan niya ang kaibigan.

"OMG! Ganda, hinahalikan din ni Carlo ang bitch na 'yon!" bulalas ni Dominique na muling sinilip ang dalawang naghahalikan. "Ano'ng gagawin mo?"

Hindi na siya nakasagot dahil sumugod na siya palapit sa kanyang taksil na boyfriend. Ngunit bago pa siya makarating sa kinaroroonan nito ay may sumulpot na lalaki mula sa kung saan at bigla niyong sinuntok si Carlo.

Bumagsak ang nobyo niya habang ang babaeng kayakap nito ay napatili sa takot at pagkabigla. "Vince!" sigaw nito sabay awat sa lalaking nanuntok.

Natulala si Mikaela sa nakita habang ang mga guards ng condo ay nagkagulo.

*Vince? Vince Talavera? OMG!*

Inalalayan ng sexy na babae si Carlo patayo. Duguan ang ilong ng huli, na mabilis nitong pinahid.

Kuyom ang mga palad ni Vince at pulang-pula

ang mukha sa galit.

“Damn you, Tessa! Paano mo ito nagawa sa ’kin?” sigaw ng binatang siya nga mismong kapitbahay ni Mikaela.

Kahit may guwardiyang umaawat dito ay nagawa pa rin nitong mahawakan ang braso ng babaeng tinawag na ‘Tessa’. Ngunit pilit na kumawala rito ang huli. Hinila naman ito ni Carlo sa braso ni Tessa at tuluyang nailayo kay Vince.

Lalong nagwala ang binata sa galit. Sa laki ng katawan nito ay tatlong guwardya ang nagtulung-tulong para maawat ito.

“Vince, I’m sorry,” sabi ng babae.

“Sorry? Gan’on lang ba ’yon? You broke up with me without telling me the reason why. ’Tapos, you’re sorry?”

“Please try to understand. I never expected to fall in love,” sumamo ni Tessa. “It just happened.”

“Mahal ka ba nitong g*gong ’to o play time lang ’yan?” tanong ni Vince na sinikap muling hawakan ang dating nobya subalit humarang si Carlo.

“Mahal ko si Tessa,” madiin na sagot nito. “At kung may respeto ka sa sarili mo, pababayaan mo

na siya. ’Wag mong ipilit ang sarili mo kung ayaw na sa ’yo ng babae.”

“Carlo…”

Napalingon ang lahat sa may-ari ng tinig na iyon. Rumehistro sa mukha ng tinawag ang pagkagulat at guilt nang makita si Mikaela.

“Totoo pala ang lahat narinig ko,” sabi niya. There was hurt and anger in her voice.

“Mikaela, patawarin mo ’ko.” Si Carlo naman ang humingi ng tawad.

“I’m willing to do that, iwanan mo lang siya. Kalilimutan ko ang lahat ng nangyari.”

Nanaig ang katahimikan. Para bang hinihintay ng lahat ang susunod na hakbang ni Carlo. Iiwan ba nito si Tessa o hindi?

Hindi ito umalis sa tabi ng bagong nobya.

Napapikit si Mikaela at napaiyak. Muling nagkagulo ngunit naging mas maagap ang mga guwardya. Pinigilan ng mga ito si Vince sa pag-atake sa karibal nito at binalaan na ipapupulis ito kapag nagpilit na makalapit kina Carlo at Tessa.

“Hindi n’yo ba naiintindihan? Inagaw ng g*gong

’yan ang nobya ko!”

Hindi natinag ang mga guwardya, bagkus ay hinarangan pa ang binata at pinaakyat sa building ang bagong mag-boyfriend para makaiwas sa halos magwalang lalaki.

Walang nagawa sina Vince at Mikaela kundi manatili sa lobby ng condominium.

Nilapitan ng isang guard si Dominique at pinigilan ito sa ginagawang pag-i-spray ng dilaw na pintura sa kotse ni Carlo. Isang pagkalaki-laking ‘a*shole’ ang nakasulat sa gilid ng sasakyan.

Somehow, nagluwag ang pakiramdam ng dalawang taong iniwanan ng kani-kanilang mga karelasyon.

SA ISANG BAR nagpalipas ng oras ang tatlo. Walang ginawa ang dalawang sawi kundi magpalitan ng mga istorya kung paano nila nahuli ang pangangaliwa nina Carlo at Tessa. Siyempre pa, hindi nawala ang mga bote ng alak na naging saksi sa dalamhati ng dalawang pinagtaksilan.

Subalit sa kabila nito, ang higit na naapektuhan ng kapangyarihan ng alak ay sina Mikaela at

Dominique lamang; Vince had always been able to hold his liquor.

Namumungay ang mga mata ni Mikaela habang nagsesentimyento.

"Bhakit hindi ka pa lashing?" bulul-bulol na untag nito na muling kumain ng calamares sabay inom ng tequila.

Ngumiti lang si Vince bago sumagot, "Hindi talaga ako mahilig uminom. Isa pa, sino ang magda-drive kapag umuwi na tayo?"

"Ay, oo nga pala. Neighbors nga pala tayo. Nice meeting you, neighbor," sagot ni Mikaela na kakamayan pa sana ang lalaki ngunit hindi maabot-abot ang kamay nito sa sobrang kalasingan.

Hinawakan ni Vince ang kamay niya para makapagkamay sila.

"Pati ba ako, Papa Vince, ihahatid mo?" tanong naman ni Dominique. Kanina pa nito kinikindatan ang lalaki at panay ang bigay ng indecent proposal.

Napapailing lang si Vince sa mga pangyayari. Iba talaga ang hatak ng alak.

"Hindi ka ba… na-hurt sa ginawa ng nobya moh? Ako, na-hurt, kashe 'kala ko love ako ni Carlo,"

muling saad ni Mikaela habang hawak ang isang baso ng tequila.

Panay ang muwestra ng kamay nito at hindi inalis ni Vince ang tingin sa basong hawak nito dahil sa tantya niya ay malapit na iyong mabitawan ng babae. Hula niya ay malapit na itong ma-knockout sa kalasingan at baka matamaan ang mga waiters na dumadaan ng baso sakaling bumagsak iyon sa maling pagkakataon.

"Oo naman. Balak ko na nga sanang mag-propose sa kanya. 'Tapos noong pinasundan ko siya sa isang detective, nadiskubre ko na kaya pala niya ako iniwan ay dahil sa ibang lalaki," sagot ng binata na hindi na napigilan ang sarili at inabot ang kamay ng dalagang kapitbahay. Marahan niyang ibinaba ang kamay nito sa mesa.

"Oopps, shorry," anito na hinayaan lamang siya sa ginawi niya.

Nagpatuloy ang dalaga sa litanya nito, "Ay oo nga, na-hurt ka. Shinapak mo nga pala si Unggoy. Buti nga sha kanya."

"Galit ako, natural lang 'yon."

"'Lham mo kung pang-ilan na si Unggoy na nangaliwa sha 'kin? Lhagi akong may kasabay na

ibang babae. Hindi ba ako maganda?" Tumitig ito kay Vince at nagpapungay ng mga mata.

Sinalubong niya ang mga mata nito, pagkuwan ay sumagot, "Maganda."

Tumawa si Mikaela. "Cheers! Cheers tayoh. Thank you ha." Uminom uli ito. "Mommy ko, iniwan khami. 'Taposh, mga jowa koh, mga nambabae. Tell me, hindi ba ako deserving sa loyalty nilah? How pathetic!"

Nakadama siya ng awa para rito. "Hindi mo pa lang siguro nakikita si *Mr. Right*."

"*Mr. Right*, *Mr. Right*, *Mr. Right*! Puro mga *Mr. Left* naman ang napupunta sha 'kin!"

"At sha akin din!" sabat ni Dominique. Muli nitong kinindatan si Vince.

*Iba talaga ang nagagawa ng alak*, muling naisip ng huli.

HINDI MAGKAMAYAW si Vince sa pag-alalay kay Mikaela; lasing na lasing ito at halos matumba na.

Hiningi niya rito ang susi ngunit sa sobrang

kalasingan ay hindi nito makita ang hinahanap. Kalaunan ay siya na ang humanap sa susi sa clutch bag nito.

Binuhat niya ang dalaga nang mabuksan ang pinto at tinanong kung saan ang kuwarto nito. Itinuro naman iyon ni Mikaela. Inihiga ni Vince ang dalaga sa kama nito at iniwan ito sandali. Kumuha siya ng isang palangganang tubig, naghanap ng bimpo at nang walang makita ay sariling panyo na lang ginamit para mapunasan ang mukha ng babae.

Hindi na niya napansin pa ang kanyang kapaligiran dahil sa kaabalahan sa ginagawa at nang matapos kay Mikaela ay si Dominique naman ang inalalayan ngunit sa sofa sa sala niya ito inihiga at pinunasan.

Binalikan niya si Mikaela sa kuwarto nito upang tingnan ang kalagayan nito at inalalayan ang dalaga nang makita na nagsisikap itong makabangon.

"O bakit ka pa bumabangon? Humiga ka na lang kasi groggy ka pa," aniya.

Hindi sumagot ang kapitbahay at lalong nagpilit na makabangon. Humawak ito sa kanya. Hindi nila sinasadya, ngunit nagdikit ang kanilang mga labi.

Nagdikit nang matagal.

Hindi lasing si Vince ngunit hindi niya napigilan ang sarili. Ang pagkakadikit ng kanilang mga labi ay nauwi sa halik. The kiss was intense. And terrific. He felt his control slipping and he did not mind it in the least. He continued kissing Mikaela and she responded, subalit ang pagpapalitan nila ng mga halik ay naputol nang…

"Oh, no!" biglang sabi ni Vince nang sukahan ni Mikaela ang kanyang damit, pantalon at pati na mga sapatos.